HULYO 2026, ISYU BLG. 2026-1

# DATOS

# Ang pambansang industriyalisasyon sa perspektiba ng MSMEs



*Ang polisiyang Doi Moi*

## Vietnam: Mula sentralisadong ekonomiya tungo sa malayang pamilihan

*Pahina 10*

## Mga hamon sa sektor ng agrikultura at mga hakbang para sa pambansang kaunlaran

*Pahina 18*

**PATNUGUTAN**

Rochelle Porras
*Punong Patnugot*

Enrique Navera
*Kawaksing Patnugot*

Ivan Cantong
Anjelika Marquez
Enrique Navera
Mark Darwin Santos
Ruztom Lamundao
*Mga Manunulat at Tagapagsaliksik*

Ericson Caguete
*Patnugot sa Disenyo*

**LUPON NG MGA KATIWALA**

Renan Ortiz
*Tagapangulo*

Rev. Irma Mepico
*Pangalawang Tagapangulo*

Emily Barrey
*Kalihim*

Romeo De Jesus
*Ingat-Yaman*

Prof. Rimando Felicia
Dr. Nancy Kimuell-Gabriel
Fr. Wilfredo Dulay, MDJ
Paul Quintos
Joselito Ustarez
*Mga Kagawad*


# Nilalaman


Ang pambansang industriyalisasyon sa perspektiba ng MSMEs 4

Vietnam: Mula sentralisadong ekonomiya tungo sa malayang pamilihan 10

Tampok na sining biswal: Agraryong Marksismo 14

Tumataas na presyo ng langis lalong nagpapahirap sa manggagawang Pilipino 16

Mga hamon sa sektor ng agrikultura at mga hakbang para sa pambansang kaunlaran 18

Ang pambansang industriyalisasyon at pagharap sa hamon ng climate change 22

Pax Silica at ang hinaharap ng manggagawang Pilipino 24

Hinggil sa desisyon ng Korte Suprema sa laban ng mga manggagawa sa GMA 25

Sa pagpasa ng NMW bill, Kongreso dapat magsabatas para sa nakabubuhay na sahod 26



Topaz Building, 99-101
Kamias Road, Brgy. Malaya
Quezon City, PH

datos@eiler.ph

www.eiler.ph

/eilerincph

/eilerinc

/eilerinc



Ang **DATOS** sa mga pagkilos ng mga manggagawa ay inilathala ng EILER simula July 1981 bilang tulong babasahin sa mga pag-aaral, talakayan at pagsasanay ng mga manggagawa.

Ang **Ecumenical Institute for Labor Education and Research (EILER)** ay isang non-stock, non-profit, ekumenikal na institusyon para sa pananaliksik at edukasyong pang-manggagawa.

Nakikipagtulungan ang EILER sa mga unyon, organisasyon at iba pang pang-manggagawang institusyon sa pagpapalaganap ng gawaing edukasyon at pagsasanay para sa mga manggagawa.



Sa ganitong diwa ay nais ipabatid ng EILER na maaaring gamitin ang nilalaman ng DATOS kahit walang pahintulot, basta't kilalanin lamang ang pinagkunan. Inaanyayahan ang lahat ng mambabasa at manggagawa na magpadala ng komentaryo at kontribusyon sa DATOS, para rin sa pagpapaunlad nito.

# Mensahe mula sa Tagapangulo

**Maalab na pagbati sa ating mga kasamang manggagawa!**

Kumusta na ang kalagayan ng ating mga unyon? Kumusta na ang ating mga welga? Kumusta na ang ating mga kilos-protesta laban sa korupsyon? Kumusta na ang **Bagong Pilipinas**? Bago nga ba o bigo? Sa gitna ng teatro ng pulitika sa pagitan ng paksyong Marcos at paksyong Duterte, umaasa ang mga neoliberal na economic advisers nina Marco-Duterte sa mukha ng kanilang "bagong ekonomiya" at ang pagpasok ng Pilipinas sa **Pax Silica initiative** ng US at kanyang mga alyado; ang pagtulak sa *nuclear power* bilang solusyon sa *energy crisis*, at ang **Build Better More**.

Sa pagkakataong ito, inihahatid ng isyung ito ng **DATOS** ang ikalawang bahagi ng serye hinggil sa pambansang industriyalisasyon.

Sa mga programa ng gobyernong Marcos-Duterte, hindi nito prayoridad ang isang maunlad na ekonomiya para sa mga magsasaka at mangagawa.


Paano uunlad ang kalagayan ng mga mamamayan na nagtratrabaho sa bukid at sa pabrika kung ang umuunlad lamang sa ganitong mga programa ay mga katulad ni Enrique Razon, ang unang "trilyonaryo" na Pilipino?

Mababasa sa isyung ito ang pambansang industriyalisasyon mula sa perspektiba ng MSMEs; ang kalagayan ng Vetnam tungo sa malayang pamilihan; pambansang industriyalisasyon hinggil sa kalikasan sa usaping pagbabago ng klima at imperyalistang pandarambong (climate change at imperialist plunder); mga hamon sa sektor ng agrikultura, at mga hakbang para sa pambansang kaunlaran.

Tuloy lang tayo sa pag-aaral at pagbago ng lipunan.

*Mabuhay ang Kilusang Paggawa!*

**Renan Ortiz**
Tagapangulo
EILER Board of Trustees




Freepik/Macrovector



# Ang pambansang industriyalisasyon sa perspektiba ng MSMEs

**Ayon sa datos ng Department of Trade and Industry (DTI) noong 2023, umaabot sa 99.63% ang Micro-Small-Medium Enterprises (MSMEs) sa bansa mula sa kabuuang 1.2 milyon List of Establishments (LE) sa Pilipinas. Ang MSMEs ay nag-e-empleyo ng 66.97% o halos 6.4 milyong manggagawa. Sa mga naturang bilang ay ipinapakita lamang ang malaking ambag ng MSMEs sa ating ekonomiya.**

Sa nakaraang isyu ng DATOS hinggil sa **pambansang industriyalisasyon**, ipinakita ang malaking ambag ng mga uring peti-burgesya at pambansang burgesya sa pagtatayo at pagtataguyod ng lokal na industriya gamit ang pagiging dalubhasa sa kanilang propesyon at kasanayan sa pamumuhunan. Subalit kapag hindi mahusay na nakabig ang mga naturang uri ay maaaring sila ay maging hadlang sa pagtataguyod ng demokratikong kapakinabangan ng pambansang industriyalisasyon.

Sa artikulong ito ay kinapanayam natin ang ilang mga negosyante na napapabilang sa MSMEs. Ito ay upang kunin ang kanilang perspektiba sa pagtataguyod ng pambansang industriyalisasyon at ang kanilang mga saloobin sa mga kasalukuyang polisiya at programa ng pamahalaan sa mga MSMEs.

Ayon sa pamahalaan noong 2008, upang lalo pang palakasin ang suporta sa MSMEs sa ating bansa ay inamyendahan ang Republic Act 6977 tungo sa **Republic Act 9501 o Magna Carta for MSMEs**. Layunin diumano nito na bigyan ng dagdag kapital ang mga maliliit na mamumuhunan sa pamamagitan ng pagpapautang. Inlinaw din ng batas na ito ang pakahulugan ng MSMEs batay sa kanilang mga assets (hindi kabilang ang pag-aaring lupa). [1]

Ayon kay Mel (hindi tunay na pangalan), "Ang pakahulugan ng pamahalaan sa MSMEs ay problematic at nagpapakita ng kawalan ng plano ng pamahalaan na magtayo ng ating sariling industriya. Maituturing ang aming kompanya na *medium enterprise* based on the definition of Magna Carta for MSMEs pero mas appropriate na kami ay tawagin na nabibilang sa light industry. It means, dependent ang aming business sa medium and heavy industries."

### Hindi sumasapat ang kasalukuyang Magna Carta for MSMEs

Ang negosyo ni Mel ay isang *information and technology company*. Gumagawa ito ng computer software para sa Point of Sales (POS) ng mga restaurants at iba pang tindahan sa malls. Sila rin ay suplayer ng mga POS machines na kanilang ini-import mula sa Taiwan. Maituturing na medium

enterprise ang kanilang kompanya dahil mayroon na silang mahigit PhP 15,000,000 halaga ng assets. Ang naturang kompanya ay mayroong mahigit sa 20 empleyado.

"Ang Magna Carta for MSMEs ay isang programa para sa pagpapautang para sa aming MSMEs, pero ang kailangan namin ay subsidy katulad ginagawa ng mga pamahalaan ng ibang bansa. Halimbawa noong pandemic, ang counterpart naming kompanya sa Singapore na hindi hamak na mas maliit sa amin, may lima lamang empleyado, ay binigyan ng subsidy ng gobyerno nila na may equivalent sa currency natin na PhP 4,000,000. Samantalang kami noong pandemic ay nag-loan sa pribadong bangko na may halagang PhP 500,000 para hindi kami tuluyang magsara. Majority ng pera ay pinasweldo namin sa mga empleyado at separation pay sa mga nag-resign", ayon kay Mel.

Sa loob ng halos dalawang dekada nang inamyendehang Magna Carta for MSMEs, nanatiling *underutilized* ang loans na dapat magmumula sa 10% ng kapital ng mga bangko para diumano makatulong sa mga MSMEs. [2] Ang dahilan diumano nito ay hindi alam ng mga mamumuhunan ang programang ito ng pamahalaan at walang kumpiyansa ang mga bangko na makakabayad ang mga MSMEs sa naturang *loan program*.

Sa loob ng halos dalawang dekada nang inamyendehang Magna Carta for MSMEs, nanatiling underutilized ang loans na dapat magmumula sa 10% ng kapital ng mga bangko para diumano makatulong sa mga MSMEs. [2] Ang dahilan diumano nito ay hindi alam ng mga mamumuhunan ang programang ito ng pamahalaan at walang kumpyansa ang mga bangko na makakabayad ang mga MSMEs sa naturang loan program.

### Ang kakulangan ng suporta ng gobyerno ay pabigat sa mga maliliit ng negosyate

"The lack of support from the government severely undermines the viability of startups and small enterprises, which are critical drivers of diversified economic growth," ayon naman kay Leigh (hindi tunay na pangalan).

[Ang kakulangan ng suporta mula sa pamahalaan ay lubhang nagpapahina sa kakayahang mabuhay at magpatuloy ng mga startups at maliliit na negosyo, na nagtutulak ng mas malawak na pag-unlad ng ekonomiya.]

Ang negosyo ni Leigh ay napapabilang din sa medium enterprise at may 36 na empleyado. Ang naturang negosyo ay isang construction company na gumagawa ng concrete floor polish. Ilan sa mga naging kliyente nila ay ang mga malalaking malls sa bansa. Ang kompanya ay distribyutor din ng mga kinakailangang kemikal mula sa kompanyang Europeo para sa concrete polish dito sa Pilipinas. Pangunahin kakompetensiya nila sa chemical distribution ang mga produkto mula sa US at Tsina.

Dagdag pa niya, "First thing's first, we've never had any contracts with the government at hindi kami involve sa scandal. Mabigat para sa amin ang buwis, lalo na puro imported ang equipments namin sa construction. Imported din ang mga chemicals na gamit namin sa concrete polishing. May nag-attempt na magtayo ng planta ng chemical na gamit namin sa concrete polishing dito sa Pilipinas pero kumplikado daw ang proseso ng pagkuha ng business permit kaya hindi tumuloy. Mayroon din gustong magtayo ng manufacturing ng cement na 10 times faster na matuyo ang gamit nilang technology pero hindi pumayag ang isa sa mga pinakamalaking local conglomerate dito. Sorry, I will not say the

name of the conglomerate. Ang laki sana nang maitutulong kung natuloy ang mga companies ng mga chemical at cement na makapagtayo ng planta dito sa Pilipinas hindi lang sa negosyo namin, moreover to our local consumers and industry. Magiging cheap ang pricing cement at construction sa local market."

**Ang pag-unlad ng lokal na produksyon ay susi sa nakabubuhay na sahod**

Ayon naman kay Mity, artist at isa sa mga may-ari ng **Snackshack Burgers** at **Gedli Coffee**, maliit ang kita ng isang artist lalo kung walang tiyak na kontrata, o hindi regular ang daloy ng proyekto o kliyente. Dahil pabago-bago at hindi matiyak ang kanilang kita, usapin din ito ng pangmatagalang seguridad sa kabuhayan. Habang nagpapatuloy bilang artist, ay sumubok siyang magnegosyo.

"Kaunti lang ang mga empleyado namin, pero lahat ay regular at may benepisyo," dagdag ni Mity. "Kung may *wage subsidy* na ibibigay ang gobyerno, mas madali sa mas maraming maliliit na negosyante na magbigay ng *living wages*. Ang mahal ng utilities, at hindi madaling gawing income-generating ang ilang bahagi ng operasyon, tulad ng maliit na maintenance shop namin. Mahalaga ito sa pagpapatakbo ng negosyo, pero hindi naman ito direktang kumikita.


Kaunti lang ang mga empleyado namin, pero lahat ay regular at may benepisyo," dagdag ni Mity. "Kung may wage subsidy na ibibigay ang gobyerno, mas madali sa mas maraming maliliit na negosyante na magbigay ng living wages.

Dagdag pa sa napakataas ng gastos sa utilities ay ang mga buwis na kailangang bayaran."

Halos lahat ng ibinebenta ng kanyang mga shops at branches ay mula sa lokal na pamilihan, maliban lamang sa ilang klase ng kape. Mahalaga para sa kanyang negosyo ang mga lokal na suplayer at prodyuser. Ito ang tiyak na paraan para mapanatili na sariwa ang kanilang ibinebentang mga pagkain at inumin. Dahil mas maikli ang biyahe mula sakahan hanggang kusina, mas kaunti ang oras na nasasayang sa transportasyon at imbakan, kaya nananatiling mas sariwa at mas mataas ang kalidad ng mga sangkap.




Gedli coffee (Facebook page)


Freepik/Macrovector

Ang pagsuporta sa lokal na suplay ay hindi lamang usapin ng kalidad ng pagkain, ito rin ay ambag sa lokal na ekonomiya. Kapag pinalalakas ang ugnayan sa pagitan ng maliliit na negosyo at lokal na produksyon, mas napapaunlad ang mga sektor ng agrikultura at pagmamanupaktura. Mula dito ay magkakaroon ng tuloy-tuloy na demand sa lokal na paggawa. Sa ganitong kalagayan, mas nagiging posible para sa mga negosyo na magplano ng pangmatagalang operasyon, sa halip na panandaliang kontrata at pabago-bagong empleyo.

Kung matatag ang lokal na produksyon at *supply chain*, magkakaroon ng mga disente, regular, at ligtas na trabaho na may nakabubuhay na sahod ang mga manggagawa. Sa huli, ang ganitong direksyon ay tumutulong sa pagsusulong ng pambansang industriyalisasyon, kung saan ang ekonomiya ay nakabatay sa sariling kakayahan sa produksyon at hindi labis na umaasa sa inaangkat mula sa labas.

### Dapat alisin ang VAT

Kung pasanin ng mga konsyumer ang VAT, pabigat din ito sa mga maliliit na negosyante.

“I would say na kailangan i-maintain pero i-develop pa further ang mga seminars na ino-offer sa MSMEs,” ani Mity. “Dapat ding mas palawakin ang information and access sa different kinds of support tulad ng subsidies, benefits or incentives sa competitions at dapat ding pag-usapan ang taxes.”

“Grabe din ang epekto sa negosyo namin ng **Value Added Tax** na 12%. Mahal na nga yung mga POS machines na sinu-supply namin dahil aside from imported plus may additional pang VAT,” ayon kay Leigh. “Iyan din ang reklamo ng mga kliyente namin sa mga negosyo nila. Sana tanggalin na yung VAT at kung mayroon sana tayong sariling industriya ng computer hardware ay hindi na sana namin kailangang mag-import.”

Dahil dito, mahalagang pag-aralan at ipatupad ang pagbawas ng buwis para sa MSMEs, kasabay ng pagpapalakas ng mga programang sumusuporta sa kanila. Sa ganitong paraan, mas magkakaroon sila ng kakayahang lumago, makipagkumpitensya, at makapagbigay ng disenteng trabaho at kita.

### Dominasyon ng mga dayuhang monopolyo at lokal na malalaking kapitalista

Bukod sa kakulangan ng suporta at pabigat na buwis, nanatiling hadlang sa kaunlaran ang mga dayuhang monopolyo at lokal na dambuhalang kapitalista. Paglalahad pa ni Leigh, “Mayroon ding gustong magtayo ng manupaktura ng semento sa bansa. Ang kompanya niya ay may kakayahang gumawa ng semento na sampung (10) beses na mas mabilis matuyo kumpara sa mga

## 2025 FORBES TOP TECH BILLIONAIRES

1



**Elon Musk**

Net worth

USD 342 BILLION

*Tesla, SpaceX, xAI*

2




**Mark Zuckerberg**

Net worth

USD 216 BILLION

*Meta Platforms*

3




**Jeff Bezos**

Net worth

USD 215 BILLION

*Amazon*

7



**Larry Page**

Net worth

USD 144 BILLION

*Google*

10



**Steve Ballmer**

Net worth

USD 118 BILLION

*Microsoft*

*Source: Forbes Magazine*

ibinebenta ngayon sa merkado natin. Ang problema, hindi pumayag ang isa sa mga pinakamalaking local conglomerate sa bansa. Ang laking maitutulong sana kung nagpatuloy ang pagpapatayo ng mga planta para sa kemikal at semento dito sa Pilipinas. Hindi lamang sa negosyo namin kundi para sa ating mga lokal na konsyumer at industriya. Magiging mas mura ang presyo ng mga sementong pang-konstruksyon sa lokal na pamilihan."

Labis namang ikinababahala ni Mel ang kompetisyon sa mga dayuhang kompanya na may mas malaking puhunan at mataas na teknolohiya. "Ang pinakamabigat naming problema ang kompetisyon sa foreign companies. Nasa 65% hanggang 70% ng POS provider market shares sa Pilipinas ang pag-aari ng mga dayuhan. Karamihan sa kanila ang upgraded ng cloud technology at Artificial Intelligence (AI). Walang sariling data center infrastructure ang gobyerno natin. Nabalitaan din namin na may mga nagtatayo ng joint-venture data center sa Pilipinas ng mga malalaking lokal at dayuhang kompanya. Dahil pribado, maaaring mahal ang isingil nila para sa cloud storage. Kaya't banta para sa amin ang mga dayuhang kompanya nag-aalok ng cloud at AI software. Mayroon kaming kakayahang gumawa ng software na may kaparehong katangian ng inilalako nila, ngunit wala kaming kakayahang magtayo ng data center para sa data storage. Kahit na may bagong **Tatak Pinoy Act**, wala namang probisyon na naglilimita sa dominasyon ng mga dayuhan sa market shares nila sa Pilipinas."

Ayon sa listahan ng **Forbes** ng sampung pinakamayaman sa daigdig ay pawang mula sa mga *tech billionaires* sa US na naglalako o gumagamit ng AI at cloud technology. Ilan sa mga ito ay sina **Elon Musk ng xAI, Jeff Bezos ng Amazon, Steve Ballmer ng Microsoft, Larry Page ng Google, Mark Zuckerberg ng Facebook** at iba pa. [3] Ang AI at cloud ang pangunahing ibinebenta ngayon ng mga dayuhang monopolyo kapitalista para i-eksport ang kanilang labis na produkto at kapital.

### Hamon sa mga manggagawa

Mahalagang ipatupad ang pagbabawas ng buwis para sa MSMEs kaalinsabay ang pagpapalakas ng mga programang sumusuporta sa kanila. Sa ganitong paraan, mas magkakaroon sila ng kakayahang lumago, makipag-kompetensya, at makapag-bigay ng disenteng trabaho at kita.

Tungkuling ng uring manggagawa na makipagkaisa sa peti-burgesya at

pambansang burgesya. Kung pagbabatayan ang mga aral ng kasaysayan sa Tsina at dating Unyong Sobyet, mahalaga ang kanilang ginampanan para sa **pambansang industriyalisasyon at tunay na repormang agraryo**. Kailangan ang kanilang pagiging dalubhasa sa propesyon at kasanayan sa pamumuhunan para sa pambansang kaunlaran. Higit pa, lubos ding pinahahalagahan ng mga manggagawa ang kanilang pagsandig para sa pambansang interes kaysa sa malalaking dayuhan at lokal na kapitalista.

"As an entrepreneur, IT professional, and former IT Instructor, tingin ko kayang-kaya nating magtayo ng sarili nating industriya. Given with our natural resources, primarily our human resources, kayang-kaya natin. Magagaling ang mga nakasama ko dati sa IT industry noong nagtatrabaho pa ko sa corporate at mas magagaling pa nga sa akin ang mga naging students ko sa university. What we need is a good and honest government na isasama sa decision making ang majority ng population to realize the national industry in our country.", pagtatapos ni Mel.

Handang suportahan nina Mel, Leigh, at Mity ang anumang hakbang sa pambansang industriyalisasyon. Ninanais rin nilang lumahok sa anumang samahan ng mga makabayang negosyante na nagsusulong ng adbokasiyang ito. Pinatutunayan ng kanilang mga karanasan na walang katiyakan ang kaunlaran kung mananatiling para sa dayuhan at malalaking kapitalista ang prayoridad ng gobyerno. Walang ibang magiging kakampi ang mga MSMEs kundi mga manggagawa at magsasaka lamang na handang tumindig para sa kanilang mga makabayang interes. ■

Tungkuling ng uring manggagawa na makipagkaisa sa peti-burgesya at pambansang burgesya. Kung pagbabatayan ang mga aral ng kasaysayan sa Tsina at dating Unyong Sobyet, mahalaga ang kanilang ginampanan para sa pambansang industriyalisasyon at tunay na repormang agraryo. Kailangan ang kanilang pagiging dalubhasa sa propesyon at kasanayan sa pamumuhunan para sa pambansang kaunlaran.

Mga sanggunian:

1. Department of Trade and Industry. *2024 Philippine* MSME *Statistics.* Retrieved from: *https://www.dti.gov.ph/dti-knowledge-hub/dti-statistics/dti-msme-statistics*
2. SparkUp. (2025) *Despite driving jobs and* GDP, *MSMEs get a fraction of bank lending, study finds.* BusinessWorld. Retrieved from: *https://www.bworldonline.com/sparkup/2025/04/07/664028/despite-driving-jobs-and-gdp-msmes-get-a-fraction-of-bank-lending-study-finds/* BusinessWorld
3. Chase Peterson-Withorn. (2025) Forbes World's Billionaires List 2025: The Top 200. Forbes Magazine. Retrieved from: *https://www.forbes.com/sites/chasewithorn/2025/04/01/forbes-worlds-billionaires-list-2025-the-top-200/*

# Vietnam: Mula sentralisadong ekonomiya tungo sa malayang pamilihan



**Noong ika-20 siglo, sumiklab ang mga sosyalistang pakikibaka sa iba't ibang panig ng daigdig. Sa isang punto, sangkatlo ng sangkatauhan ang nakapailalim sa sistemang sosyalista. Sa nakaraang isyu ng DATOS (Isyu Blg. 1-2025), binaybay sa isang artikulo ang programa ng pambansang industriyalisasyon, sang-ayon sa balangkas ng sosyalistang konstruksyon, sa soyalistang bayan ng Tsina. Mula roon, ilalatag naman sa artikulong ito ang mga pagsusumikap ng bansang Vietnam sa tunguhin ng pambansang industriyalisasyon at repormang agraryo at kinahinatnan nito sa kasalukuyan.**

## Sosyalistang konstruksyon (1954–1986)

Sa malaking bahagi ng ika-20 siglo, nakidigma ang mga mamamayan ng Indochina (kasama rito ang Vietnam) upang makalaya sa pananakop ng Pransya.

Nang mahati ang Vietnam sa dalawang bansa (1954), sosyalistang Hilaga at neo-kolonyang Timog, naglunsad ang nauna ng sentralisadong pagpaplano at pagpapagana ng ekonomiya na nakabatay sa mga prinsipyo ng sosyalismo.

Mayor na polisiyang pang-ekonomiya na agarang pinatupad sa Hilagang Vietnam ang pagsasakumpleto ng reporma sa lupa. Pinamahagi ang mga lupang sakahan pangunahin sa mga maralitang pesante at kanilang pamilya.

Noong 1961, nilatag ang **Unang Limang-Taong Plano (1961-65)** na nagbigay diin sa pagpapaunlad ng mabibigat na industriya. Gayunman, ang paglalatag nito ay naantala buhat ng agresyon ng Estados Unidos. Mula 1964 hanggang 1972, serye ng pambobomba ang nilunsad ng Estados Unidos sa tunguhing isabotahe ang sosyalistang transpormasyon ng Hilagang Vietnam. Sa ganitong kondisyon, nabaling ang mga aktibidad pang-ekonomiya sa magagaan na industriya at agrikultura.

Sa muling pagsasanib ng Hilaga at Timog Vietnam, pinagpatuloy ang naantalang Plano kasabay ang paglulunsad ng **Ikalawang Limang-Taong Plano (1976-80).** Nanatiling nakasentro sa pamahalaan ang pagpaplanong industriyal at mga empresang pinagmamay-arian ng estado naman ang primaryang mga prodyuser at mangangalakal sa lokal na ekonomiya. Bahagi ng estratehiyang pang-ekonomiya ang kolektibisasyon ng lupa at pagtatayo ng mga kooperatiba. Kasama rin sa pakete ng mga polisiya ang subsidyo ng pamahalaan upang magbigay ng libreng edukasyon at kalingang pangkalusugan para sa lahat ng mamamayan.

Sinulong mula 1981 ang **Ikatlong Limang-Taong Plano (1981-85).** Nagdiin ang Plano sa pagpapaunlad ng teknolohiya, pangangasiwa, at produktibidad ng agrikultura at magagaan na industriya. Tulad sa Tsina, nilayon nito ang balanseng pag-unlad kapwa ng agrikultura at industriya, ang nauna bilang salalayan ng huli at ang huli bilang tagapagtulak sa modernisasyon sa nauna.

> Signipikanteng punto sa huling yugto ng 1970s ang pagkakawing ng politika at ekonomiya ng Vietnam sa Unyong Sobyet (USSR). Noong 1978, naging kasapi ang Vietnam ng Council for Mutual Economic Assistance (Comecon).

Sa maagang bahagi ng 1980s, higit 80% ng pambansang kita ay nagmumula sa sektor ng agrikultura na kinatatangian ng mga antas-nayon na kooperatiba. Sa panahon ding ito, higit na mas mabilis ang pag-unlad ng agrikultura kumpara sa industriya, bagamat mas malaking bahagi ng budget ng pamahalaan ang inilalaan sa pagpapaunlad ng huli.

Signipikanteng punto sa huling yugto ng 1970s ang pagkakawing ng pulitika at ekonomiya ng Vietnam sa Unyong Sobyet (USSR). Noong 1978, naging kasapi ang Vietnam ng **Council for Mutual Economic Assistance (Comecon)**. Ang naturang grupo ay binuo ng USSR upang koordinahin ang ekonomiyang aktibidad ng mga sosyalistang bloke pangunahin sa Silangang Europa. Bahagi ng relasyon sa pagitan ng USSR at Vietnam ay pagbibigay ng nauna ng ayuda sa huli na tinatayang umabot sa USD 2 bilyon mula 1978 hanggang 1987. Gayunman, ang papadausdos na ekonomiya ng USSR ay naglimita sa kapasidad nito na bigyang ayuda ang Vietnam. Sa pagtatapos ng 1991, malulusaw ang USSR.

### Doi Moi at pagpapanumbalik ng kapitalismo (1986 – kasalukuyan)

Sa pagkamatay ni Pangkalahatang Kalihim **Le Duan** noong 1986, mamamayani sa **Partido Komunista ng Vietnam (Partido)** ang mga opisyal na nais magtulak ng mga makapamilihang reporma sa katuwirang hindi epektibo ang mga naunang Plano upang pasiglahin ang ekonomiya ng Vietnam at pataasin ang antas ng pamumuhay ng mga mamamayan. Kahalintulad nito ang pamamayani ni **Deng Xiaoping** sa Tsina noong 1978 matapos yumao si **Mao Zedong** noong 1976. Magaganap ang reoryentasyon ng ekonomiya ng Vietnam sa paglalatag ng polisiyang **Doi Moi** (pagsasaayos) na pinasinayaan sa **Ika-Anim na Kongreso ng Partido** noong Disyembre 1986. Sa nagdaang taon ay inilatag ng USSR, sa ilalim ng pamumuno ni **Mikhail Gorbachev**, ang patakarang **Perestroika** (pagsasaayos) na lantarang nagpasinaya ng ekonomiyang nakasandig sa pamilihan (bagamat ang pinakamaagang porma nito ay nagsimula pa noong 1956). Tulad nito, ang polisiyang Doi Moi ay yumakap sa mga mekanismo at batas ng pamilihan bilang tagapagtakda sa direksyon ng ekonomiya.

May apat na sandigan ang Doi Moi: Una, pagbaling mula sa industriyalisasyong may diin sa mabibigat na industriya tungo sa industriyalisasyong *export-oriented* (diin sa produktong agrikultural, tela, sapatos, at lamang dagat); pangalawa, pagbabawas ng subsidiya sa mga *state-owned enterprises* (SOE) at pagpapalakas sa awtonomiya ng mga nangangasiwa ng mga ito; pangatlo, pagbukas ng ekonomiya sa dayuhang pamumuhunan na naisakatuparan sa pamamagitan ng pagsasabatas ng **Foreign Investment Law** noong 1987; at huli, ligal na pagkilala sa pribadong mga empresa na naisakatuparan sa pagsasabatas ng **Enterprise Law** noong 2000.

Kalangkap ng mga reporma ang pagbawi sa unibersal na akses sa mga panlipunang serbisyo. Sa sektor ng kalusugan, pinahintulutan mula 1987 ang pagbibigay ng serbisyong medikal at pagbebenta ng mga gamot ng pribadong sektor. Pagsapit ng 1989, bahagi ng gastusin sa mga pampublikong ospital at klinika ay binabayaran na rin ng mga pasyente. Sa sektor ng edukasyon, pinasinayaan noong 1985 sa **University of Ho Chi Minh City** ang sistema ng paniningil ng matrikula.

Sa bisa ng **Land Law of 1988** at **Resolution 10**, inabandona ang sistema ng kolektibong pagsasaka pabor sa pribadong pagsasaka sa



TIMELINE

# EKONOMIYA NG VIETNAM

VIETNAM WAR (1955–1975)

**1954**

## Pagkakahati ng Vietnam

- Sosyalistang konstruksyon ng Hilagang Vietnam
- Unang hakbang ang pagpapatupad ng tunay na reporma sa lupa

**1961–1965**

## Unang Limang-Taong Plano

- Naantala dahil sa giyerang agresyon ng US
- Dahil sa digmaan, naging pokus ang pagpapaunlad sa magagaang industriya at agrikultura

**1976–1980**

## Ikalawang Limang-Taong Plano

- Industriyalisasyon pagkatapos ng digmaan
- Kolektibisasyon ng lupa at pagbubuo ng mga kooperatiba
- Naging kasapi ng Council for Mutual Economic Assistance (Comecon)

**1981–1985**

## Ikatlong Limang-Taong Plano

- Pagbabalanse ng agrikultura at industriya
- 80% ng GDP ang nagmumula sa agrikultura

**(1986–Kasalukuyan)**

## Polisiyang Doi Moi

- Industriyalisasyong export-oriented
- Dekolektibisasyon
- Foreign Investments Law
- Naging kasapi ng WTO noong 2007

pamamagitan ng *long-term land use rights* na ginawad sa mga pamilya. Makukumpleto ang dekolektibisasyon pagsapit nang 1990.

Upang malubos ang panunuot ng mga polisiyang makapamilihan, tinupad ng gobyerno ng Vietnam ang mga rekisito upang maging kasapi ng **World Trade Organization (WTO)**. Pangunahin dito ang pagbaklas sa mga proteksyon sa lokal na empresa gayundin ang mga polisiyang sumasagka sa pangangalakal (*trade barriers*). Magiging kasapi ng WTO ang Vietnam pagpasok ng taong 2007.

Gayunman, sinikap ng pamahalaan na patuloy na makairal ang mga SOE sa pamamagitan ng konsolidasyon ng mga ito sa ilang mga *conglomerates* sa wangis ng mga **chaebol** (Hal. **Samsung, Daewoo**) sa South Korea at **keiretsu** (Hal. **Mitsubishi**) sa Japan. Imbis na maging tagapamandila ng industriyalisasyon, ang mga conglomerates ay nagdiin sa *diversification* at nag-*invest* sa pagbabangko, *real estate*, at *securities*.

Isa sa dinulot ng pagsapi ng Vietnam sa WTO ay pagbuhos ng *foreign direct investments* (FDI) sa naturang bansa. Sa taong 2006, nakapang-engganyo ang Vietnam ng USD 10 bilyon. Dumoble ito sa USD 21.3 bilyon noong 2007 at lolobo pa lalo sa USD 64 bilyon noong 2008. Sa taong 2019, nakapagenggangyo ang bansa ng halagang USD 345 bilyong rehistradong FDI. Sa mga unang taon ng pagpapahintulot sa dayuhang mamumuhunan, kalakhan ay nasa porma ng joint ventures sa pagitan ng gobyerno at dayuhang mamumuhunan o di kaya'y partnership sa pagitan ng dayuhan at lokal na empresa. Di kalaunan, ang restriksyon sa pagmamay-ari ay binaklas ng pamahalaan. Pinayagan din ang bawat probinsya na mag-isyu ng lisensya sa dayuhang pamumuhunan at magtakda ng kani-kaniyang mga insentiba upang makaengganyo ng dayuhang pamumuhunan.

### Ilang mga tala

Sinuma ng maraming sanggunian na ang pagsusumikap ng Vietnam na magsulong ng **pambansang industriyalisasyon** at sosyalistang transpormasyon ay dumulo

sa pagkabigo. Ilan sa mga salik na tinukoy ay ang mababang produktibidad kapwa sa agrikultura at industriya at di-episyenteng pagpapatakbo sa ekonomiya buhat ng komplikadong burukrasya sa isang planadong ekonomiya.

Gayunman, ang buong karanasan ng Vietnam ay marapat na sipatin nang nakalapat di lamang sa mga ekonomikong reyalidad kundi gayundin sa mga politikal na salik na umiinog sa saklaw na panahon. Sa pagtatagumpay ng mga mamamayan ng Vietnam laban sa mananakop na Pranses (1954), tinatayang 90% ng mga mamamayan nito ay nakatali sa lupa ang kinabubuhay. Sa sektor ng industriya, pitong (7) empresa lamang ang nakatirik kabilang ang isang *distillery*, isang *brewery*, at isang planta na gumagawa ng yelo.

Wala pang isang dekada matapos makawala mula sa tanikala ng kolonyalismo, nagsimula ang agresyon ng Estados Unidos na nagdistrongka sa plano ng Vietnam na magtayo ng mabibigat na industriya. Sa panahong ito, lahat ng anim sa mga bayang industriyal sa Hilagang Vietnam ay nawasak dulot ng mga pambobomba ng US. Buhat nito, ang daloy ng mga hilaw na materyales at mga produktong pangkonsumo ay labis na naapektuhan at naantala ang malalaking proyekto sa konstruksyon. Nang magapi ang agresyon ng US noong 1975, nagpatuloy ito sa pagsabotahe sa ekonomiya ng Vietnam sa pamamagitan ng trade embargo na magtatagal hanggang 1994.

Sa huli, may ilang mga tagumpay ang pagsusulong ng pambansang industriyalisasyon at sosyalistang transpormasyon sa Vietnam na hindi maitatatwa. Una, sa panahong ito, sinikap ng pamahalaan na mamintina ang unibersal na akses ng mamamayan sa mga batayang serbisyo tulad ng edukasyon at kalusugan. Pangalawa, pinamahagian ng lupa ang mga maralitang magsasaka na nagbigay sa kanila at kanilang mga pamilya ng kapasidad na makalikha ng pagkain at mga aning makasasapat-sa-sarili. Pangatlo, pinagsumikapan ng pamahalaan na magtayo ng mga industriyang lokal na 'di nakabatay sa pagpapalaki ng pribadong tubo.

Ang mga nabanggit ay alinsunod sa sosyalistang prinsipyo ng pagbibigay ng disenteng pamantayan ng pamumuhay para sa pinakamaraming mamamayan, pagwawaksi sa sistemang pang-ekonomiya na nakabatay sa pananamantala (*exploitation*), at pagkalas mula sa dayuhang kontrol sa ekonomiya. ■

Mga sanggunian:

Anh, Nguyen Thi Tue, Luu Minh Duc, and Trinh Duc Chieu, 'The Evolution of Vietnamese Industry', in Carol Newman, and others (eds), Manufacturing Transformation: Comparative Studies of Industrial Development in Africa and Emerging Asia (Oxford, 2016; online edn, Oxford Academic, 18 Aug. 2016), https://doi.org/10.1093/acprof:oso/9780198776987.003.0012, accessed 9 July 2026.

Bring, Daniel. 2023. A Brief History of Industrial Policy in Vietnam. American Affairs Journal, Vol. VII, No. 3. Retrieved: https://americanaffairsjournal.org/2023/08/a-brief-history-of-industrial-policy-in-vietnam/#notes

Chi, Do & Diem, Xuan. 2020. From industrial policy to economic and social upgrading in Vietnam. 10.13140/RG.2.2.35209.06245.


Greenfield, Gerard. 1994. The Development of Capitalism in Vietnam. The Socialist Register. Vol. 30.

Nguyen Minh Trang, Ton Nu Bao Ninh. "Vietnam's Economic Transformation after 1986: From Central Planning to Market-oriented Economy" International Research Journal of Economics and Management Studies, Vol. 3, No. 8, pp. 118-129, 2024.

London, Jonathan. 2008. Reasserting the state in Viet Nam Health Care and the logics of market-Leninism, Policy and Society, 27:2, 115-128, DOI: 10.1016/ j.polsoc.2008.09.005

van de Walle, Dominique; Ravallion, Martin. 2001. Breaking up the Collective Farm : Welfare Outcomes of Vietnam's Massive Land Privatization. Policy Research Working Paper; No. 2710. © http://hdl.handle.net/10986/19427 License: CC BY 3.0 IGO.

# Tampok na sining biswal



*Titulo*
**Agraryong Marksismo**

*Likhang sining ni*
**Federico "BoyD" Dominguez**

*Midyum*
Tempera sa *watercolor paper* na may kapal na 300 *gsm* at sukat na 2 × 3 talampakan

Unang inilathala bilang larawang pabalat ng *Peasant Journal Studies* noong 2017.

Tanyag si **BoyD** bilang manggagawang pangkultura sa larangan ng sining biswal. Nakilala at nirerespeto dahil sa kaniyang mga obra na tumatalakay sa mga isyung panlipunan. Mag-aaral pa lamang siya sa hayskul nang ideklara ng diktador na si Ferdinand E. Marcos ang Martial Law noong 1972. Nag-aral siya sa Unibersidad ng Mindanao sa kursong Arkitektura at dito nagkaroon ng pagkakataon na alamin ang tunay na kalagayan ng lipunang Pilipino. Kumuha rin siya ng kursong Fine Arts sa Unibersidad ng Pilipinas - Diliman.

Naging *draftsman* si BoyD para sa Presidential Assitance on National Minorities (PANAMIN). Dahil dito, naging madalas ang kaniyang paglahok sa mga pagbisita sa komunidad ng mga *indeginous people* noong 1976 hanggang 1981. Magmula sa mga karanasang ito ay nakapag-prodyus siya ng sining biswal para sa mga poster,



pabalat ng aklat, at diyaryo ng iba't ibang pang-masang organisasyon at NGOs.

Unang naging tampok ang mga obra ni BoyD sa lathalain ni Dr. Alice Guillermo na "*Social Realism in the Philippines*" nang maging bahagi siya ng mga organisasyong Galian sa Arte at Tula (GAT) at Tumbang Preso. Umabot na rin ang kaniyang mga obra sa iba't ibang dako ng mundo. Naging bahagi siya ng Ethno-Expo eksibit sa Europa at Australia mula 1995 hanggang 1997. Naglunsad din siya ng mga solong eksibit na "*Illustration 1, 2, and 3*" noong 2000 at "*Dayaw*" noong 2010 bilang bahagi ng *Indigenous People's Month* sa NCCA Gallery.

Sa kasalukuyan, si BoyD ay miyembro ng Concerned Artists of the Philippines at Asian People's Music for Peace and Progress (AMP3). Madalas siyang makitugtog sa mga kapwa progresibo gamit ang harmonika. ■




news9live.com

# Tumataas na presyo ng langis lalong nagpapahirap sa manggagawang Pilipino

*Mula sa inilabas na EILER Memo*

**Ayon sa labor NGO na EILER, malubha ang epekto ng pagtaas ng presyo ng langis sa mga manggagawa, komyuter, at maralita. Nagiging mas mahal ang pagkain, at tumataas ang presyo ng iba pang mahahalagang bilihin at serbisyo, na lalo pang nagpapahina sa kakayahan nilang bumili gamit ang kanilang sahod. Dagdag pa, sa maliliit na tsuper, ang pagtataas ng pamasahe ay hindi rin naman lumulutas sa mataas na presyo ng bilihin.**

Ang agresyon ng US at Israel ay nagpapabigat sa presyur ng implasyon sa mga bansang umaasa sa pag-aangkat ng langis, tulad ng Pilipinas. Noong unang bahagi ng Marso 2026, umabot sa humigit-kumulang USD 92–93 bawat bariles ang presyo ng global benchmark na **Brent crude**, tumaas ng halos 40% mula sa tinatayang USD 65 bawat bariles noong Enero. Ang pagtaas na ito ay dulot ng pangamba sa posibleng pagkaantala ng suplay dahil sa mga pag-atake sa imprastraktura ng enerhiya at kaguluhan sa Strait of Hormuz.

Tinatayang aabot din sa humigit-kumulang PhP 17 hanggang PhP 24 bawat litro ang kabuuang pagtaas ng presyo ng petrolyo sa mga susunod na araw kung magpapatuloy ang tensyon sa Kanlurang Asya.

Sa kasalukuyan, nananatiling napakababa ng minimum na sahod at malayo ito sa tinatayang nakabubuhay na sahod. Lalo pang lumalawak ang agwat sa pagitan ng sahod at tunay na gastusin sa pamumuhay dahil sa implasyon na dulot ng pagtaas ng presyo ng langis.

Malaki ang papel ng mga umiiral na patakaran sa industriya ng langis sa bansa na nagbibigay-daan upang agad na maipasa sa mga konsyumer ang pagtaas ng presyo sa pandaigdigang pamilihan. Sa ilalim ng **Downstream Oil Industry Deregulation Act of 1998 (Republic Act No. 8479)**, inalis ang kontrol ng pamahalaan sa pagtatakda ng presyo ng petrolyo at ipinasa ito sa mga pribadong kumpanya ng langis. Dahil dito, malaya ang mga kumpanya ng langis na magtakda ng

presyo batay sa galaw ng pandaigdigang merkado, at mabilis nilang naipapasa sa mga mamimili ang anumang pagtaas ng gastos.

Sa ganitong sistema, nagkakaroon din ng pagkakataon ang mga malalaking kumpanya ng langis na samantalahin ang mga krisis sa pandaigdigang suplay bilang dahilan upang magpatupad ng mas malalaking price increases. Dahil deregulated ang industriya ng langis, limitado rin ang kakayahan ng pamahalaan na pigilan o kontrolin ang mga pagtaas ng presyo. Bukod dito, patuloy ding ipinapataw sa petrolyo ang **value-added tax (VAT)** at mga *excise tax* sa ilalim ng **Tax Reform for Acceleration and Inclusion Law**, na lalong nagpapataas sa presyo ng gasolina at diesel na binabayaran ng mga mamamayan.

Ang bulnerabilidad ng Pilipinas sa epekto ng mga heopolitikal na krisis sa mga rehiyon ng langis ay nagmumula sa matagal nang kawalan ng pambansang industriyalisasyon.

Bagaman may potensyal na reserba ng langis sa bansa, nangingibabaw pa rin ang mga dayuhang kompanya sa eksplorasyon at produksiyon, at nananatiling walang sapat na pambansang industriya ng langis na kontrolado ng estado o lokal na kapital. Kahit hindi kasing-laki ng mga pangunahing *oil-exporting states* ang reserba ng Pilipinas, makatutulong ang pagpapaunlad ng sariling sektor ng enerhiya upang mas mapagaan ang epekto ng mga krisis sa labas ng bansa.

Kasabay nito, ipinapakita ng krisis sa Iran kung paano nakaaapekto sa ekonomiya at kabuhayan ng mga manggagawang Pilipino ang mga agresyong militar at imperyalistang bansa. Gayundin, hindi lamang panlabas na krisis ang nagpapataas sa presyo ng langis sa Pilipinas kundi pati ang mga lokal na patakarang pang-ekonomiya na naglilimita sa kakayahan ng pamahalaan na regulahin ang industriya ng enerhiya at protektahan ang kapakanan ng mamamayan. ■

> Dahil deregulated ang industriya ng langis, limitado rin ang kakayahan ng pamahalaan na pigilan o kontrolin ang mga pagtaas ng presyo. Bukod dito, patuloy ding ipinapataw sa petrolyo ang value-added tax (VAT) at mga excise tax sa ilalim ng Tax Reform for Acceleration and Inclusion Law, na lalong nagpapataas sa presyo ng gasolina at diesel na binabayaran ng mga mamamayan.


**Mga sanggunian:**

Business Today Desk. (2026, March 7). *West Asia conflict: Morgan Stanley raises oil price forecasts as Hormuz risk premium builds, Brent nears $90*. Business Today. http://tiny.cc/r520101

Hilotin, J. (2026, March 7). *Brent oil price surges to $92.62, WTI hits $90.72 amid Iran war*. Gulf News. *http://tiny.cc/p520101*

Panti, L. (2026, March 9). *DOE: P17–P24 oil price hike this week to be spread out*. GMA News Online. *http://tiny.cc/2520101*

# Mga hamon sa sektor ng agrikultura at mga hakbang para sa pambansang kaunlaran

**Hindi maikakaila ang mahalagang papel ng mga manggagawa sa pamumuno ng pagtataguyod ng pambansang industriyalisasyon. Sa ganitong mga talakayan, mahalaga rin talakayin ang tungkulin ng iba't ibang sektor sa industriyalisasyon.**

Batay sa mga panayam at kaugnay na pananaliksik, layunin ng artikulong ito na ipakita ang sektor ng agrikultura bilang aktibong tagapag-ambag sa kaunlaran. Magsisilbing pundasyon ng pambansang kaunlaran ang agrikultura sa pamamagitan ng produksyon ng pagkain at *inputs* sa industriya, at panlipunang pakikibaka ng mga magsasaka.


Ang mga magsasaka sa bansa ay nakikilahok sa pagsasaka, pag-aalaga ng mga pananim o hayop para sa pagkain o hilaw na materyales. Sa Pilipinas, malaking bahagi ng populasyon sa kanayunan ay kabilang sa sektor na ito. Ayon sa **Philippine Statistics Authority (PSA)**, sa 49.6 milyong manggagawang may trabaho sa buwan ng Setyembre 2025, nasa 21% o 10.4 milyong manggagawa ang nagtatrabaho sa sektor ng agrikultura. Dagdag pa rito, aabot sa 17 milyong manggagawang ang nakapaloob sa impormal na sektor. Ang bilang na ito ay ang pinagsamang bilang ng mga *self-employed* at mga manggagawang nagtatrabaho sa '*family-operated farm or business*' nang walang karampatang sahod. Marami sa kanila ang kabilang sa mga pamilyang magsasaka na nagtatrabaho nang walang karampatang bayad.

International Rice Research Institute (IRRI)



Dagdag pa rito, kadalasan ay walang sariling lupa o kung meron man ay may hawak ng maliliit na sakahan na di sapat upang matiyak ang disenteng pamumuhay. Sa katunayan, hawak lamang ng iilang pamilya at *agribusinesses* ang mga malalaking sakahan at asyenda sa bansa. Sa panayam kay **Ariel Casilao**, tagapangulo ng **Unyon ng mga Manggagawa sa Agrikultura (UMA)**, sinabi niyang malaki ang problema na kinakaharap ng mga magsasaka dahil sa kawalan ng lupa.

Sa kanilang pag-aaral, nasa pito hanggang siyam sa bawat sampung magsasaka ang walang sariling lupa. Ito ay tulad ng nakasaad sa **2022 Census of Agriculture and Fisheries (PSA)** na nasa 4.3 *million out of*




> Ayon sa Philippine Statistics Authority (PSA), sa 49.6 milyong manggagawang may trabaho sa buwan ng Setyembre 2025, nasa 21% o 10.4 milyong manggagawa ang nagtatrabaho sa sektor ng agrikultura.

19.68 *million agricultural population* ang may ari o naka-*secure* ng karapatan sa lupa at sa tala ng **Department of Agriculture (DA)**, nasa 2 milyong ektarya pa ng lupa ang nakatakdang ipamahagi.

Dahil sa kawalan ng sariling lupa ng mga masasaka, napipilitan ang mga magsasaka na pumasok sa relasyong sahuran sa halip na sila ay magbungkal ng sariling lupa. Doble ang hirap na nararanasan ng mga manggagawa sa agrikultura sa usapin ng sahod. Mas maliit ang natatanggap ng mga manggagawa sa agrikultura kumpara sa ibang mga manggagawa. Dagdag pa rito, mas mababa ang tintanggap dahil sa *wage rationalization law* kung saan nagiging mas mababa ang tinatakdang minimum wage sa mga rehiyon na hindi National Capital Region (NCR). Halimbawa, sa rehiyon ng Eastern Visayas, nasa PhP 422 lamang ang minimum wage para sa mga manggagawa sa agrikultura at PhP 452 naman para manggagawang *non-agriculture* at serbisyo o *retail establishments*. Malayo sa minimum wage ng NCR na PhP 695 at di aabot sa kalahati ng **family living wage** na PhP 1,240.

Naitala rin ang pinakamataas na kawalan ng trabaho sa bansa na dulot ng kawalan ng trabaho sa sektor ng agrikultura noong Hulyo 2025. Ito ay umabot sa 1.38 milyong katao na nawalan ng trabaho sa nasabing sektor. Tuloy-tuloy ang kawalan ng trabaho sa sektor kada taon dulot ng kawalan ng suporta para sa sektor lalo na sa panahon ng sakuna.

Para sa bansang agrikultural, nakakabahala rin ang pagbaba ng ambag sa GDP ng sektor ng agrikultura. Makikita sa *graph* ang patuloy na pagbulusok ng GDP ng sektor sa mga nagdaang dekada. Nasa 9.08% na lang ng GDP ang sektor sa taong 2024 mababa pa sa kalahati ng 27.63% na naitala noong 1974.

Sa kabila nito, hindi binibigyang-diin ng gobyerno ang paglago ng agrikultura ng bansa. Sa katunayan, ang paggastos sa agrikultura bilang bahagi ng pambansang badyet ay nanatiling humigit-kumulang 2-3% lamang ng badyet sa mga nakaraang taon, ayon sa **Department of Budget and Management.**

Para sa mga magsasaka, ang tanging solusyon sa kinakaharap na problema sa pagsaka ay tunay na reporma sa lupa at pambansang industriyalisasyon. Ayon kay **Cathy Estavillo**, pangkalahatang kalihim ng **Amihan National Federation of Peasant Women (Amihan)**, ang kawalan ng malinaw na programa ng pamahalaan para sa tunay na reporma sa lupa at pambansang industriyalisasyon ang dahilan ng kalunos-lunos na sitwasyon ng mga magsasaka sa bansa.

"Dapat gawing prayoridad ng gobyerno ang itigil ang pagpapalit gamit ng lupa na dapat sa sakahan at mag-implementa ng **tunay na reporma sa lupa**. Ibig sabihin ay pagpapamahagi ng lupa at suporta para sa mga magsasaka" dagdag ni Cathy. Sa kabila ng ilang dekadang pagpapatupad ng repormang agraryo, milyun-milyong magsasaka pa rin ang nananatiling walang lupa.

Para sa mga magsasaka, ang tunay na repormang agraryo ay hindi natatapos lamang sa pamamahagi ng titulo para sa lupa. Ito ay nangangahulugan ng pagmamay-ari ng lupang sinasaka na may kasamang sapat at tuloy-tuloy na suporta mula sa gobyerno. Kabilang na dito ang tulong sa puhunan, pagpapagawa ng mga irigasyon, serbisyong pang-agrikultura, at proteksyon sa presyo ng ani. Nariyan din ang pagbibigay importansya sa mga goods na sa bansa pinoprodyus at pagbawas ng pag-asa sa *imported goods*.

"Lahat ng produktibong puwersa, ang mga magsasaka, ay lumilinang ng lupa upang lumikha ng produkto pang-konsumo at pagkain. Mangyayari lang ito kapag nabasag ang monopolyo o kontrol at pagmamayari ng lupa ng mga panginoong may lupa at burgesya kumprador, hasyendero, at malalaking



Freepik/Macrovector

*agribusiness plantation*. Kapag nabuwag na ang ganito sistema at kontrol sa gamit ng lupa at nasa kamay ng mga produktibong pwersa na magsasaka ang paglilinang, iyon ang tunay na kahulugan ng tunay sa repoma sa lupa" ayon kay Casilao. "Pangalawa kapag ang ekonomiya ay hindi na sumasandig sa importasyon at kaya na nyang pakainin ang mamayan mula sa produkto sa lupa. Pangatlo, kung ang lupa na ito ay maghahawan ng daan para sa pambansang industriyalisasyon. Ang modernaisasyon ang syang pangunahing hakbang sa industriyalisasyon. Magiging pangunahin at salalayan ng mga rekisito para maipagpapatuloy ang pag-industriyalisa ng

**2-3%**

**Ang kabuuang porsiyento ng badyet ng pamahalaan ang inilalaan sa gastos para sa agrikultura, ayon sa Department of Budget and Management.**

Para sa mga magsasaka, ang tunay na repormang agraryo ay hindi natatapos lamang sa pamamahagi ng titulo para sa lupa. Ito ay nangangahulugan ng pagmamay-ari ng lupang sinasaka na may kasamang sapat at tuloy-tuloy na suporta mula sa gobyerno.

bansa. Dahil manggagaling sa lupa ang pangunahing pangangailangan sa industrayaliasyon" dagdag niya.

Para kay Estavillo, "ang pakikibaka ng mga magsasaka para sa tunay na reporma sa lupa ay pakikibaka ng buong sambayanan dahil ito ay kakabit ng sikmura. Lahat ay nagmumula sa lupa. Kaya dapat ang pakikibaka ng mga magsasaka para sa tunay na reporma sa lupa at pambansang industriyalisasyon ay pakikibaka ng buong mamamayang Pilipino."

Sa pangwakas, upang matugunan ang mga suliraning patuloy na nagpapabigat sa pambansang ekonomiya, kinakailangang bigyang-priyoridad ang paglutas sa mga isyu sa sektor ng agrikultura. Kabilang dito ang pagpapatupad ng tunay at komprehensibong repormang agraryo na magsisilbing pundasyon ng pambansang industriyalisasyon at pangmatagalang pag-unlad ng ekonomiya ng bansa. ■

*Ang AMIHAN ay isang organisasyon ng mga kababaihang magsasaka at isang pederasyon ng mga organisasyon ng kababaihang magsasaka na nagpapatuloy sa panawagan para sa tunay na repormang agraryo, pambansang industriyalisasyon, at pagwawakas sa lahat ng anyo ng pagsasamantala at diskriminasyon lalo na laban sa kababaihan sa kanayunan.*

*Ang UMA, na kinapabibilangan ni Ariel Casilao ay isang pambansang sentro ng mga progresibong union, pederasyon, at organisasyon ng mga manggagawang agrikultural sa bansa.*

**Mga sanggunian:**


Desacada, M. & Villanueva, R. (2025). *Eastern Visayas workers get pay hike.* Retrieved from: *https://www.philstar.com/nation/2025/11/25/2489627/eastern-visayas-workers-get-pay-hike*

Department of Budget and Management. (n.d.). *Agriculture budget not the culprit for productivity woes -DBM.* Retrieved from: *https://www.dbm.gov.ph/index.php/management-2/603-agriculture-budget-not-the-culprit-for-productivity-woes-dbm*

Domingo, K. (2026). *2 million hectares of land still up for distribution, says DAR.* Retrieved from: *https://www.abs-cbn.com/news/business/2026/1/8/2-million-hectares-of-land-still-up-for-distribution-says-dar-1542*

IBON foundation. (2026). *Minimum Wage and Family Living Wage Per Region* (Dec 2025). Retrieved from: *https://www.ibon.org/flw-regl-2512/A*

Leal, K. (2024). *Group decries government's lower agriculture budget in 2025.* Retrieved from: *https://news.tv5.com.ph/economy/read/group-decries-governments-lower-agriculture-budget-in-2025*

Maligro, T, (2025). *Agriculture job losses push unemployment to 3-year high in July 2025.* Retrieved from: *https://www.rappler.com/business/unemployment-rate-philippines-july-2025/*

Villanueva, R. (2025). *Agri workers worst paid in PH; join clamor for living wage.* Retrieved from: *https://kodao.org/agri-workers-worst-paid-in-ph-join-clamor-for-living-wage/*

World Bank. (2024). *Agriculture, forestry, and fishing, value added (% of GDP) – Philippines.* Retrieved from: *https://data.worldbank.org/indicator/NV.AGR.TOTL.ZS?locations=PH*




Licas News/Jire Carreon

# Ang pambansang industriyalisasyon at pagharap sa hamon ng climate change

Nagpapatuloy ang pagbabago ng klima ng buong mundo. Ayon sa ulat ng Intergovernmental Panel on Climate Change (IPCC), sa ilalim ng United Nations, pangunahing kontribyutor sa kasaysayan ang industrial emissions na nagmumula sa paggamit ng fossil fuels– dahilan upang magbuga ng labis na carbon dioxide at matipon sa atmospera sa loob ng mahabang panahon. Ito ang tinatawag na greenhouse effect. Sa higit 100 taon ng industriyalisasyon sa buong mundo, tumaas ang average global temperature sa 1.5° C.

Ramdam na randam sa kasalukuyan ang epekto ng **climate change** dahil sa nililikhang disrupsyon nito sa *weather patterns*. Pangunahing naaapektuhan nito ang mga ordinaryong tao na naninirahan sa mga pinakabulnerableng lugar tulad ng mga mabababa at malapit sa karagatan at kailugan. Maituturing din ang Pilipinas bilang isa sa mga pinakabulnerableng bansa dahil sa madalas na pagpasok ng mga bagyo at maging sa heograpikal na katangian nito.

Mapaminsala ang idinudulot nito sa agrikultura dahil sa mas matitinding tagtuyot at tag-ulan. Ayon sa ulat ng **Standford University**, tinatayang maaaring bumagsak ang produksyon ng pagkain sa 41% sa pinakamayayamang rehiyon; 28% sa mga rehiyong may mababababang kita sa taong 2100.

Hindi dapat bumabangga ang pag-unlad ng isang bansa sa pangangalaga sa kalikasan. Magiging posible ito kung mga mamamayan ang mangingibabaw sa pagdedesisyon ng mga polisiya at isasantabi ang interes ng mga malalaking kapitalista at dikta ng imperyalismong US. Ang interes ng mamamayan ay interes para sa kalikasan. Kaakibat sa pagsusulong at pagpaplano ng pambansang industriyalisasyon ang adaptasyon at mitigasyon, at *just transition* para pangalagaan ang mga manggagawang maaapektuhan sa transisyon ng ekonomiya.

Nararapat na pangunahing isakatuparan ang tunay na reporma sa lupa. Ayon sa **Center for Environmental Concerns (CEC)**, ang pagkakaroon ng tunay na reporma sa lupa ang isa sa kinakailangang solusyon sa pagkasira ng mga lupain. Kung planado, akma, at nakabatay sa pangangailangan ng tao ang mga punlang itinatanim, maiiwasan ang pagka-abuso nito.

"Bansot na ang sektor ng agrikultura natin ngayon dahil ang mga malalaking kompanya na lamang ang pinaglalaanan nito. Napakamahal ng mga *inputs* ngayon sa agrikultura. Kumukuha pa tayo ng mga teknolohiya mula sa ibang bansa na lalong nakasisira sa kalidad at sustansiya ng lupa," pahayag ni **Mattie Balagat**, *training and community services coordinator* ng CEC.

Ang nagpapatuloy na pangangamkam ng lupa at *monocropping* ng mga panginoong maylupa ang itinuturong isa sa mga pangunahing sanhi ng pagkasira ng pagkasira ng

mga ekosistema at lupa. Dahil sa hangarin nilang kumita nang husto mula sa malalaking plantasyon, hindi na nila binibigyang-pansin ang pangangalaga sa lupa kaya't kalauna'y nagreresulta sa pagkawala ng sustansiya nito.

Sa usaping ng pagmimina, namamayagpag ngayon sa Pilipinas ang mga dayuhang minahan at pinahihinutulutang dambungin ang mga likas-yaman dahil sa **Philippine Mining Act of 1995**. Sa ilalim nito, pinapayagan ang 100% na pagmamay-ari para sa mga dayuhang minahan kahit malaki ang magiging kapalit nito sa kalikasan.

Ayon pa kay Balagat, mahalagang aspeto ang pagpaplano ng ekonomiya upang malaman ang mga lugar sa bansa na maaaring minahin at gamitin bilang sonang pang-industriya at pangalagaan ang mga *watershed* at *protected areas*. Sa ilalim rin ng isang sentralisadong pagpaplano, kasali ang bawat sektor ng lipunan upang bumuo ng pagkakaisa sa paglulunsad ng mga polisiya at programa. Dahil magkakaugnay ang kapaligiran ng tao sa kalikasan, anumang aksyong gawin sa isang lugar ay tiyak na may epekto sa iba pang komunidad. Tinitiyak dito na hindi panandaliang kita ang prayoridad ng mga industriya kundi ang pangmatagalang proteksyon sa likas na yaman ng bansa.

Isa pang hangarin ng pambansang industriyalisasyon ang pagpapababa ng *carbon emissions*. Sa ilalim nito, inaalis (*phaseout*) ang mga lumang pamamaraan sa industriyalisasyon tulad ng paggamit ng *fossil fuels* at *coal* at umaangkop sa paggamit ng *renewable energy*.

Batay sa ulat ng IPCC, magmula noong 1988, nasa 100 kompanya lamang ang tanging responsable sa 70% ng kabuuang *carbon emissions* ng planeta. Nangunguna rito ang **ExxonMobil**, **Shell**, at **Chevron** na pawang mga pinakamalalaking prodyuser ng *fossil fuels* sa buong mundo.

Magkasalungat ang interes ng mga kapitalista sa pangangalaga sa kalikasan dahil ang paglilimita

> Magkasalungat ang interes ng mga kapitalista sa pangangalaga sa kalikasan dahil ang paglilimita sa kanilang kinikita ay pagkilala sa limitasyon ng yamang likas ng daigdig.

sa kanilang kinikita ay pagkilala sa limitasyon ng yamang likas ng daigdig. Hindi kinikilala ng mga kapitalista ang limitasyon ng mga pagkukunang-yaman dahil nakadisenyo ang kanilang produksyon sa dikta ng merkado at hindi sa kung ano ang esensyal na pangangailangan ng mga tao.

Matitiyak lamang ang pangangalaga sa kalikasan kung maka-mamamayang gobyerno ang nagmamay-ari at nangangasiwa sa industriyalisasyon ng bansa. Kabaligtaran nito ang hangarin ng mga malalaking kapitalista na mas mahalaga ang pagkakakitaan kapalit ng pagkasira ng mundo. ■


**Mga sanggunian:**

Garthwaite, Josie (2025). *Climate change cuts global crop yields, even when farmers adapt*. Stanford School of Sustainability, Stanford University. Retrieved from: *https://sustainability.stanford.edu/news/climate-change-cuts-global-crop-yields-even-when-farmers-adapt*

Intergovernmental Panel on Climate Change (IPCC). (2023). *Climate Change 2021 – The Physical Science Basis: Working Group I Contribution to the Sixth Assessment Report of the Intergovernmental Panel on Climat Change*. Cambridge: Cambridge University Press.

Riley, T. (2021, August 25). *Just 100 companies responsible for 71% of global emissions, study says*. The Guardian. Retrieved from: *https://www.theguardian.com/sustainable-business/2017/jul/10/100-fossil-fuel-companies-investorsresponsible-71-global-emissions-cdp-study-climate-change*




Yonhap News Agency

# Pax Silica at ang hinaharap ng manggagawang Pilipino

*Mula sa inilabas na EILER Memo*

**Ang Pax Silica ay inilalahad bilang hakbang upang paunlarin ang industriya ng semiconductor at iba pang high-tech na sektor sa Pilipinas. Gayunman, nakabatay pa rin ito sa isang modelong umaasa sa dayuhang pamumuhunan, murang lakas-paggawa, at pagluwas ng mga estratehikong likas na yaman. Sa ganitong kaayusan, higit na nakikinabang ang mga dayuhang korporasyon kaysa sa mga manggagawang Pilipino.**

Hindi na bago ang ganitong modelo. Sa loob ng ilang dekada, nanatiling laganap sa industriya ng *electronics* at *semiconductor* ang kontraktuwalisasyon, mababang sahod, panunupil sa karapatang mag-unyon, at hindi ligtas na kalagayan sa paggawa. Ipinakikita nito na ang pagpasok ng dayuhang kapital ay hindi awtomatikong lumilikha ng disenteng trabaho o nagpapabuti sa kabuhayan ng mga manggagawa.


Sa ilalim ng Pax Silica, inilulugar ang Pilipinas bilang bahagi ng mga "*trusted*" *supply chain* para sa teknolohiya at mahahalagang mineral. Dahil dito, nanganganib na manatili ang bansa bilang tagapagsuplay ng murang lakas-paggawa at hilaw na materyales sa halip na paunlarin ang sariling industriya, lokal na pagmamanupaktura, at kakayahang teknolohikal

Ang tunay na kaunlaran ay hindi nasusukat sa dami ng dayuhang pamumuhunan o sa dami ng kasunduang pang-ekonomiya. Nakasalalay ito sa pambansang industriyalisasyon, proteksiyon sa karapatan ng mga manggagawa, pangangalaga sa kalikasan, at demokratikong pamamahala sa likas na yaman. Dapat tiyakin na ang pag-unlad sa agham at teknolohiya ay lumilikha ng disenteng trabaho, nagpapalakas sa lokal na industriya, at nagsisilbi sa pambansang interes.

Ang teknolohikal na pag-unlad ay dapat magsulong ng panlipunang katarungan at tunay na pambansang kaunlaran. Hindi ito dapat maging kasangkapan upang lalo pang palalimin ang pagdepende ng bansa sa dayuhang kapital at sa interes ng mga makapangyarihan sa estado. ■

# Hinggil sa desisyon ng Korte Suprema sa laban ng mga manggagawa sa GMA

*Mula sa inilabas na EILER Memo*




Rappler

**Idineklara ng Korte Suprema na regular na empleyado ang 94 na manggagawa ng GMA Network matapos ang 11 taon laban sa legal. Ipinapakita ng desisyong ito ang laganap na kawalang-katiyakan sa trabaho sa industriya ng media-- kung paano ginagamit ang short-term contracts upang labagin ang karapatan ng mga manggagawa.**

Binibigyang-diin ng Korte na ang mga manggagawa ay hindi *independent contractors* dahil nakapaloob sila sa direhe at kontrol ng GMA. Ang pagkakaroon ng mga patakaran at pagpapaloob dito ng isang manggagawa ay kritikal na saligan sa pagtatakda ng *employer-employee relationship* (EER). Sa kasong ito, patotoo ang mga kontrata na regular silang mga empleyado dahil pag-oobliga ng GMA na sumunod sa mga polisiya ng kompanya at tumalima sa takdang mga iskedyul at presensya sa trabaho.

Isinisiwalat ng desisyong ito ng Korte Suprema kung paano palagiang nilulusutan ang mga batas sa paggawa upang pagkaitan ng karapatan ang mga manggagawa, lalo na sa industriya ng midya. Pinahihintulutan sa ilalim ng **Labor Code** ang *project-based* at *short-term contracts*. Ngunit, matagal nang ginagamit ng mga kompanyang tulad ng GMA ang "*talent agreements*" upang ituring na kontraktuwal ang mga empleyado-- kahit gumagampan sila nang regular at mahahalagang tungkulin sa ilalim ng kontrol ng kompanya. Sa loob ng mahabang panahon, pinapayagan silang umiwas sa pagkakaloob sa mga manggagawa ng seguridad sa trabaho at mga benepisyong itinakda ng batas tulad ng **SSS**, **PhilHealth**, at **PAGIBIG**. Hindi lamang sa GMA nangyayari ang mga ganitong sitwasyon. Sa katunayan, ganito rin ang kalagayan sa iba pang mga *media networks*-- pagpapakita ng sistematikong problema ng kontraktuwalisasyon sa industriya ng midya.

> Isinisiwalat ng desisyong ito ng Korte Suprema kung paano palagiang nilulusutan ang mga batas sa paggawa upang pagkaitan ng karapatan ang mga manggagawa, lalo na sa industriya ng midya.

Bilang isang pang-manggagawang institusyon, ang EILER ay sumusuporta sa panawagan ng pagwawakas sa kontraktuwalisasyon at pagkakaloob ng seguridad sa trabaho, nakabubuhay na sahod, at dignidad ng paggawa para sa lahat. ■



IBON Foundation

# Sa pagpasa ng NMW bill, Kongreso dapat magsabatas para sa nakabubuhay na sahod


*Mula sa inilabas na EILER Memo*

**Napapanahon at kailangang ipanawagan ang nakabubuhay na sahod para sa mga manggagawa. Sa halip na maging layon lamang ng NMW bill na ipantay sa National Capital Region (NCR) ang sahod sa buong bansa, dapat itulak ng mga mambabatas na itaas ang minimum na sahod sa nakabubuhay na antas.**

Sa kasalukuyan, hindi umaabot sa disenteng pamantayan ng sahod ng mga manggagawa. Ayon sa pagtataya ng **IBON Foundation** noong Disyembre 2025, ang *minimum wage average* sa buong bansa ay PhP 419.00-- lubhang malayo sa **family living wage (FLW)** na PhP 1,240. Lalong malalaki ang puwang ng *daily nominal minimum wage* sa iba't ibang rehiyon upang umabot sa nakabubuhay na antas. Sa Rehiyon VIII ay may halagang PhP 419.00 na kakulangan habang sa Bangsamoro Autonomous Region (BARMM) ay PhP 1,629. Sa NCR ang naitalang may pinakamataas na nominal minimum wage na PhP 695.00 ngunit nangangailangan pa ng halagang PhP 556.00 upang umabot sa FLW.

Upang magbigay ng kagyat na solusyon sa malaking pagkakaiba-iba ng mga sahod, isang konsolidadong panukalang batas mula sa mga **House Bill Nos. 55, 94, 3266, 4102,** at **5924** ang inihain sa Kongreso. Layunin nito na buwagin ang *wage rationalization* at magtaguyod ng isang pambansang minimum na sahod (NMW). Kung maisasabatas ito, ang NMW ay papantay lamang sa sahod sa NCR-- PhP 695.00 na halaga ng sahod para sa mga hindi agrikultural na mga manggagawa; PhP 658.00 para sa mga manggagawa sa agrikultura, tingiang merkado, at maliliit na manupaktura. Napakaliit pa ring halaga ito kung ikukumpara sa FLW na kailangan ng isang pamilya para mabuhay nang disente.

Kulang na kulang ang natatanggap ng mga manggagawa kung ikukumpara sa halagang kanilang nalilikha para sa kompanya at ekonomiya. Halos dumoble ang produktibidad ng mga manggagawa sa nagdaang 24 na taon. Tinatayang umabot ito sa halagang PhP 1,724.99 bawat manggagawa noong




> Bagama't kinikilala ng EILER ang kagyat na pangangailangan para wakasan ang sistemang provincial rate, hindi sapat na ipantay lamang sa NCR ang sahod ng mga manggagawa sa buong bansa.

2024. Kabalintunaan nito, ang totoong halaga ng sahod sa NCR ay nagtaas lamang sa 10.53%; at ang produktibidad ng mga manggagawa ay umabot sa 78.97%. Ang tantos ng pagtaas ng sahod ay lubhang napakababa sa yamang nilikha ng mga manggagawa. Nakababahala ito dahil hindi napupunan ng mga patse-patseng dagdag-sahod ang nagpapatuloy na pagtaas ng mga bilihin.

Kaya't hindi na nakapagtatakang nasa ika-siyam (9) ang Pilipinas, isa sa pinakamababa sa Timog-Silangang Asya sa usapin ng *wage/labor share to GDP* na nagpapakita ng porsiyento ng halaga ng sahod sa GDP. Ang Indonesia ang naitalang pinakamataas na may 58.3% ng antas ng labor share sa 11 bansa sa rehiyon; ang Pilipinas ay mayroon lamang 39%.

Bagama't kinikilala ng EILER ang kagyat na pangangailangan para wakasan ang sistemang *provincial rate*, hindi sapat na ipantay lamang sa NCR ang sahod ng mga manggagawa sa buong bansa. Kulang na kulang ang halaga ng sinasahod ng mga manggagawa sa NCR para sa araw-araw na pangangailangan ng kanilang pamilya. Binibigyang-diin ng EILER na mahalaga ang pagbibigay ng FLW sa mga manggagawa upang mamuhay nang may dignidad. ■

**Mga sanggunian:**

Ecumenical Institute for Labor Education and Research. (2026). *Position Paper on Wage Bills Filed before the 20th Congress.*

IBON Foundation. (2026). *Minimum Wage and Family Living Wage Per Region (Dec 2025).* Retrieved from: *https://www.ibon.org/flw-regl-2512/*

Oliquino, E. (2025). *House panel OKs bill establishing uniform wage for NCR, provincial workers.* Retrieved from: *https://tribune.net.ph/2025/12/10/house-panel-oks-bill-establishing-uniform-wage-for-ncr-provincial-workers*

Ang **DATOS** sa mga pagkilos ng mga manggagawa ay tulong babasahin na inilalathala ng Ecumenical Institute for Labor Education and Research (EILER) mula sa mga donasyon at suporta ng mga manggagawa at unyon.

*"Sapagkat ang lalamanin lamang nito ay mga datos hinggil sa pakikipaglaban ng mga manggagawa- mula welga hanggang simpleng pagkilos - agad na makakakita ang kaibahan nito sa ibang babasahin... magsisilbi ang datos na ito para sa tuloy-tuloy na pagmumulat sa mga manggagawa."*

– July 1981 unang isyu

**Mangyaring ipasa o ibahagi sa kapwa manggagawa pagkatapos basahin.**